


ANO ANG GAGAWIN NATIN DITO KAY JESUS NA TINATAWAG NA CRISTO?

 . . .-pon, gusto kong magmadali, dahil alam ko na kayong lahat ay pagod na sa pananatili sa bahay-sambahan, (salamat, ginoo), sa pananatili sa bahay-sambahan ngayon. Nais kong samantalain ang sandaling pagkakataon lamang na ito, gayon man, para ipahayag ang aking lubos na pasasalamat kay Kapatid na Demos Shakarian.

² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . .hindi kailanman nagtipon bilang Pentecostes, sa ilalim ng mga grupo-grupo. Napakarami ng mga pagkakaiba-iba. Subalit may isang dako kung saan tayo’y may mga bagay na magkatulad, sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo, doo’y kung saan mayroon tayong mga bagay na magkatulad. Iyan ang paraan ng Diyos upang mapagtagpo tayo, kahit paano. At wala nang iba pang dako na ipinangako ng Diyos upang katagpuin ang tao, tanging sa ilalim lamang ng nabuhos na Dugo.

³ Iniisip ko kagabi ang ating kapatid, na Oral Roberts, nang sabihin niya ang napakagandang pahayag na iyon dito, tungkol sa, “Mula sa kanyang kaibuturan ay dadaloy ang mga ilog ng tubig.” Ang dakilang . . .Kung paano niya iyon tinalakay, ang tungkol sa, “mula sa kanyang puso,” sa palagay ko’y sinabi niya, “lalabas, ay dadaloy itong mga ilog ng tubig.”

⁴ Napansin na ba ninyo, ito’y mga ilog ng iisang tubig? “Mga ilog,” maramihan; “tubig,” isa. Hindi “mga ilog ng mga tubig”; kundi, “mga ilog ng tubig,” isang Espiritu. “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan.” Mula sa Kanya ay dumadaloy ang kabutihan at biyaya ng Diyos.

⁵ At ngayon, kayong mga taga-California, magtutungo kami sa inyong estado, simula sa susunod na linggo, sa palagay ko, sa dakong iyan. At pagkatapos ay tuluy-tuloy hanggang doon sa Georgia, Louisiana, Florida, tuluy-tuloy hanggang sa magsimula kami sa ibayong-dagat.

⁶ Ang Panginoon ang magpala sa inyo, nang lubos. Pinasasalamatang ko ang mga munting binibining tumugtog ng musika, at itong mga mabubuting lalaki na nakilala ko.

⁷ Itong bagong kapatid na ito dito, si Kapatid na Solomon King. Maaaring masabi ko iyan nang mali. Naiisip ko si Haring

Solomon, at baliktarin lamang iyon. Iyon ay noong panahong iyon; ito'y isa pang hari, din. Tama 'yan. Anak ng isang Hari, gayunman, tama 'yan; anak ng isang Hari; hindi nga ng isang hari, *ng* Hari!

⁸ Kapag tinitingnan ko ito, nagpapaalala ito sa akin ng tungkol sa gawing Mexico rito, mga ilang taon na ang nakakaraan sa Lungsod ng Mexico. Naroon kami isang gabi, mayroon doong isang bulag na lalaki, nang nagdaang gabi, na nagpunta sa entablado, ganap na bulag nang maraming taon na. Tiningnan ko ang mga paa niya. Nakatayo ako doon na nakabihis nang maayos na damit, na may pares ng sapatos. Tiningnan ko ang kanyang. . . Bulag siya, walang suot na sapatos, gula-gulanit ang pantalon, na nakatayo doon sa ulan na iyon. Oh, marahil ay tatlumpung libo, o higit pa, ang nakatayo doon sa ulan na iyon, nakasandig na sa isa't isa, walang mga upuan; naroroon na mula pa noong maagang-maaga pa ng umagang 'yon, naghihintay lamang na makarating doon nang gabing iyon. At naroon nga itong bulag na lalaki, na nakatanggap ng kanyang paningin.

⁹ At nang sumunod na gabi, marami, mga doble ng sukat nitong bangko rito, anuman ang tawag natin dito, pero doon lamang sa entablado, ay puro mga bunton na kasingtaas ng pagkakasabit ng kurtinang iyon, ng mga lumang alampay at balabal lamang, at na isinuot ng mga tao at inihagis doon. "Upang mahipo lamang namin ito!"

Halos lahat ay mga Katoliko, siyempre, doon sa Lungsod ng Mexico.

¹⁰ At nakapasok ako, bilang pinakaunang Protestante na nakapasok doon sa ilalim ng paanyaya ng militar. Iyon ay buhat kay Heneral Valdivia, ang mabuting kaibigan natin dito, sa Full Gospel Business Men.

¹¹ Naaalaala ko nang gabing iyon, may isang tili na nanggaling sa labas. At lumapit sa akin ang anak ko, sabi, "Mayroon akong hindi bababa sa isang daan at limampung mga tagapaggabay sa puwesto, o higit pa, na nakatayo doon, at hindi po nila mapigilan ang isang munting babaeng Espanyol. May dala siyang isang patay na sanggol, na namatay kaninang umaga." Sabi, "Hindi nila mapigilan sa labas 'yung babae." Sabi, "Sumasampa siya sa kanilang mga likod at lahat na."

At sabi ko, "Buweno, dagdagan n'yo na lang iyon ng bantay."

Sabi niya, "Wala na po akong ano pa mang maidadagdag pa."

Sabi ko, "Bigyan mo siya ng prayer card."

Sabi, "Wala na po ako kahit isa. Naipamigay nang lahat ang mga iyon."

¹² Sabi ko, “Kapatid na Moore, puntahan mo’t ipanalangin mo siya,” sabi ko, “dahil hindi naman niya ako kilala.” At sabi ko, “Puntahan mo’t ipanalangin mo siya. At sisikapin kong manalangin para dito sa malaking bunton ng mga damit, sa ilang saglit lamang.”

¹³ At habang nakatayo ako doon, tumingin ako doon sa mga tagapakinig nang *ganito*, at nasa harapan ko ang isang maliit na Mehikanong sanggol, walang mga ngipin, sadyang nakangiti, doon mismo sa harapan ko. Sabi ko, “Sandali lang, Kapatid na Moore.”

¹⁴ At dinala nila ang munting sanggol. At pumasok ang munting babae, na nagpatirapa, may hawak na krusipiho sa kanyang kamay. Sinabi ko, sa pamamagitan ng isang kapatid na lalaki, na interpreter, na patayuin siya.

¹⁵ At sabi ko, “Kapatid na Moore, hindi ko alam kung ito nga iyon, o hindi, pero may nakita akong isang munting sanggol na nakatayo sa harapan ko, sa isang pangitain ngayun-ngayon lang, na nakangiti.”

¹⁶ Ibinalot niya ito sa isang munting, asul at puting guhitang kumot, na sadyang basang-basa na. Talagang umuulan noon. Mga alas-diyes na ng gabi. Namatay ang naturang sanggol nang umagang iyon, mga bandang alas-otso o alas-nuwebe, sa opisina ng doktor, sa pulmonya. At kaya matagal na siyang nakatayo sa may ulan. Ang kanyang buhok ay nakabagsak nang lahat sa kanyang mukha, at isa siyang napakagandang bata pang babae. Kung titingnan marahil siya ay, sa kanyang unang anak, nasa kanyang edad na mahigit dalawampu. At namatay ang munting sanggol.

¹⁷ At basta ko lamang ipinatong ang aking mga kamay sa ibabaw nito, at sabi ko, “Panginoong Jesus, hindi ko ito maunawaan, ngunit ayon sa pangitaing iyon ay nakita ko . . .” At kasabi ko pa lang n’yon, sumipa at tumili na ito, at nabuhay ang naturang munting sanggol.

¹⁸ At kasama ko si Kapatid na Espinoza. Ilan ang nakakakilala kay Espinoza, Kapatid na Espinoza? Siya’yung tumunton nito doon, sa opisina ng doktor, nalaman na totoo iyon, kita n’yo, tama’yon, na namatay nga ang sanggol nang umagang iyon, para malagdaan ang pahayag.

¹⁹ At kaya ngayon Siya ay siya pa ring Diyos sa araw na ito, kung magkakaroon lamang tayo ng gayun ding uri ng pananampalataya sa Kanya. Tama iyon.

²⁰ Makalangit naming Ama, isugo Mo po sa amin ang pananampalatayang iyon ng naturang munting babaeng Mehikano, ngayon. Nakita po niya yaong abang, bulag na lalaki na pinagaling, noong nagdaang gabi. Nakatayo doon na dala ang kanyang sanggol, sa gayong malamig, na umiihip na hangin, nagkapulmonya ito. At kinaumagahan, nang maaga, namatay

ito sa opisina ng doktor. Ang unang pumasok sa kanyang isip, “Kung kayang pagalingin ng Diyos ang nabulag na mga mata, kayang ihayag ang mga lihim ng puso, ito pa rin ang Salita ng Diyos, sapagkat ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng mga pag-iisip ng puso.” At batid niya na kaya Niyang kilalanin ang mga pag-iisip na nasa kanyang puso. Sumampalataya siya sa Kanya, at na kaya Niyang ibangon si Lazaro mula sa libingan, at Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Lumapit siya, at Iyo siyang ginantimpalaan, Panginoon, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanyang muli ng kanyang sanggol. Buhay po ito ngayon, sa abot ng pagkakaalam namin. Pinasasalamatang Ka po namin dahil dito.

²¹ Pagpalain Mo po kami, ngayon, Ama. Pagpalain ang mga taong ito na may mga panyo at mga balabal na nakalapag dito, din naman. At pumarito nawa ang Iyong Espiritu Santo ngayon at ibahagi ang Salita ng Diyos sa amin. Hinihiling po namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²² Alam kong may pagpupulong kayo sa ilang sandali na lamang, o ng alas-singko, sa palagay ko. At karaniwa’y hindi ako bibigyan niyan ng panahon para makapagsimula, ngunit ako’y—ako’y nabago na mula sa ganoon, sa tingin ko, ngayon. Sinikap kong mainam nitong linggong ito, na namamaga ang lalamunan, marahil ay sama-sama itong gumagawa para sa ikabubuti.

²³ Sinabi ko sa mga tao noong isang araw, ako—mayroon akong peluka, pero nahiya akong isuot ito dahil binubulyawan ko nang sobra ang mga kababaihan tungkol sa kanilang buhok. At ako—nalagas ang buhok ko dahil sa carbolic acid. At binuksan nila noong isang gabi ’yung pinto, nakaikot nang papasok ang kaunting hangin dito, at hindi ko inakala na makakabalik ako ngayon. Sabi ko, “Kung narito si Oral Roberts, maaari siyang mag-antabay, kung nais niya.” Hindi pa siya nagpapakita, kaya babasahin ko na ang Kasulatan, at ipanalangin ninyo ako.

²⁴ San Mateo, sa ika-27 kabanata, simula sa ika-11 talata, nais kong basahin. Ngayo’y makinig nang mabuti sa pagbasa sa Salita. Sapagkat, ang salita ko ay salita ng tao, mabibigo ito. Ang Kanyang Salita ay hindi maaaring mabigo, kaya ngayo’y makinig nang mabuti habang nagbabasa tayó.

²⁵ At bago muna, habang nagbubuklat kayo, nais kong ipabatid na ang ating kapatid, na Oral Roberts, ay magpupunta doon sa Jerusalem, din, sa susunod na Biyernes ng gabi, kaya kung nais ninyong lahat na pumunta. Sasabihin ninyo, “Saan?” May nagsabi na ang Florida raw ay isang lupang pangako, sa palagay ko’y maaari kong tawagin ang Tucson, na Jerusalem. Nasa lambak ang Phoenix, kita n’yo, at ang Jerico ay naroon lamang sa lambak mula sa Jerusalem. Hinding-hindi ako makakalabas dito nang ganoon, di ba? Magsasalita si Kapatid na Oral Roberts sa susunod na Biyernes ng gabi at sigurado ako na magagalak

kayong lahat na marinig siya. Ikalulugod naming makasama kayo doon.

²⁶ Ika-27 kabanata, sa ika-11 talata.

Si Jesus nga ay nakatayo sa harap ng gobernador: at tinanong siya ng gobernador, na nagsasabi, Ikaw baga ang Cristo ng mga Judio? At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ikaw ang nagsasabi.

At nang siya'y (ng pangulong) isakdal ng mga pangulong saserdote at ng matatanda, at ng . . . at hindi siya sumagot ng anoman.

Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pilato, Hindi mo baga naririnig kung gaano karaming bagay ang kanilang sinasaksihang laban sa iyo?

At hindi siya sinagot niya ng kahit isang salita man lamang; ano pa't nanggilalas ang gobernador. . .

Sa naturang kapistahan nga ay pinagkaugalian ng gobernador. . . na pawalan sa karamihan ang isang bilanggo, na sinoman ang kanilang ibigin.

At noo'y sila'y may isang bilanggong bantog, na tinatawag na Barrabas.

Nang sila'y mangagkatipon nga, ay sinabi sa kanila ni Pilato, Sino ang ibig ninyong sa inyo'y aking pawalan? Si Barrabas, o si Jesus na tinatawag na Cristo?

Sapagka't natatalastas niya na dahil sa kapanaghilian ay ibinigay siya nila sa kaniya.

At samantalang mabilis na nakaupo siya dito, nakaupo sa luklukan ng pagkahukom, ay nagsugo sa kaniya ang kaniyang asawa, na nagsasabi, Huwag. . . makialam sa matuwid na taong ito: sapagka't ngayong araw na ito'y naghirap ako ng maraming bagay sa panaginip dahil sa kaniya.

Inudyukan ng mga pangulong saserdote at ng matatanda ang mga karamihan na hingin nila si Barrabas, at puksain si Jesus.

Datapuwa't sumagot ang gobernador at sa kanila'y sinabi, Alin sa dalawa ang ibig ninyong sa inyo'y aking pawalan? At sinabi nila, Si Barrabas.

Sinabi sa kanila ni Pilato, Ano ang gagawin kay Jesus na tinatawag na Cristo? Sinabi nilang lahat, Mapako siya sa krus.

At sinabi ng gobernador, . . . anong kasamaan nga ang kaniyang ginawa? Datapuwa't sila'y lalong nangagsigawan, na nangagsasabi, Mapako siya sa krus.

. . . makita ni Pilato na wala siyang magawa, kundi bagkus pa ngang lumalala ang kaguluhan, siya'y

kumuha ng tubig, at naghugas ng kaniyang mga kamay sa harap ng karamihan, na sinasabi, Wala akong kasalanan sa dugo nitong matuwid na tao: kayo ang bahala niyan.

At sumagot ang buong bayan, at nagsabi, Mapasa amin ang kaniyang dugo, at sa aming mga anak.

Nang magkagayo'y pinawalan niya sa kanila si Barrabas: nguni't si Jesus ay hinampas at ibinigay upang ipako sa krus.

²⁷ Ang aking paksa ngayon, kung tatawagin ko ito sa ganoon, sa susunod na tatlumpung minuto, ay: *Ano Ang Gagawin Natin Dito Kay Jesus Na Tinatawag Na Cristo?* At pagkatapos ay nais ko itong sabihin, din naman, “Si Jesus na nasa ating mga kamay.”

²⁸ Ngayon, naniniwala ako na ang oras kung saan nagsisimula ang ating tagpo, ay mga bandang pagbubukang-liwayway, sa bulwagan ng hukuman ni Pilato. At isa ito sa pinakamalungkot na mga panahon, at isa sa pinakamahalagang mga panahon, sa lahat ng kasaysayan. Ito ang pinakamalungkot na pagkakamaling nagawa ng iglesya sa kasaysayan nito. Katatapos lang nilang gawin iyon, at gayo'y iniatang na ang responsibilidad na iyon sa gobernador, sa estado. Kapuwa ang iglesya at estado, sapagkat sila ay isang bayan na pinili ng Diyos, tinawag upang maging mga lingkod Niya, at ang bansa ay dapat sanang pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga kautusan ng Diyos.

²⁹ At tinanggihan na ng iglesya ang kanilang Mesiyas. Bagama't lubos Siyang ipinakilala sa kanila, mas pinili pa nila na manatili sa tradisyon ng mga matatanda ng panahong iyon, kaysa sa maniwala sa pinahiran, na pinatotohanang Salita na ipinangako ng Diyos sa kanila sa loob ng daan-daang taon, na darating.

³⁰ Napansin ba ninyo, iprinopesiya rin nito na bubulagin sila? Hindi nila ito maunawaan, at kung paanong bubulagin sila, pero sila nga.

³¹ At nagawa nila ang pinakamalaking pagkakamali nila, at sa araw na ito'y nagawa nila ang huling pagpapamalas nito. At ngayon ay nasa mga kamay na ito ng pamahalaan, at gayo'y kailangan namang magpasya ng pamahalaan. Tinanggihan na Siya ng mga iglesya, bagama't pinatunayang maigi ng Diyos na Siya nga ang kanilang Mesiyas.

³² Ngayon nais ko lamang kunin ang ilang sandali bago tayo dumako dito, sa teksto at iba pa, na may mga tala ako na naisulat ko rito tungkol dito. Paanong nabigo ang mga taong iyon na makita 'yon? Isang bagay ang malinaw na sinasabi ng Kasulatan, “Sila ay mga bulag.” Subalit mahirap ipaunawa sa kanila na sila'y mga bulag, na sadyang kasing hirap din nito sa ngayon.

33 Gayong, sinasabi sa atin ng Biblia na ang henerasyong ito ay “hubad, maralita, dukha, at bulag, at hindi nalalaman iyon.” Ngayon, ’yan ang Kasulatan. Ngayon sabihan ninyo kaming mga taga-Amerika na mga bulag kami, mabilis naming sasabihin sa inyo na hindi ninyo alam kung ano ang sinasabi ninyo.

34 Subalit dadalhin ko kayo sa paglilitis sa hapon ng ito, alamin kung bulag nga ba tayo o hindi. At nasa paglilitis natin si Jesus, ngayong hapon, at nasa mga kamay natin ang Kanyang Dugo, at ngayo’y nais nating makita kung ano ang gagawin natin tungkol dito. Gagawin ba natin ang gayon ding mapusok na pagkakamaling ginawa nila noon?

35 Pansinin kung ano’ng nangyari. Malinaw Siyang ipinakilala na, at ginampanan ang tungkulin na sinabi ng Diyos na Kanya ngang gagampanan, bilang Mesiyas. Walang pag-aalinlangan hinggil dito. Sapagkat, ipinanganak Siya sa paraan na sinabi ng Diyos na ipapanganak Siya. Itinakwil Siya sa paraan na sinabi ng Diyos na itatakwil Siya. Pinatunayan na Niya ang Kanyang Sarili bilang ang Mesiyas, sapagkat ang Mesiyas ay Diyos. Ang kahulugan ng *Mesiyas* ay “ang siyang pinahiran.” At Siya ay pinahiran ng—ng buong kapuspusan ng pagka-Diyos, na nanahan sa Kanyang katawan. Hindi lamang Siya isang propeta. Gayon man, Siya ay isang Propeta, ngunit higit pa Siya sa isang propeta. Siya ang pagka-Diyos sa katawan na nanahan sa isang tao na nakilala bilang ang Anak ng Diyos. Ang Diyos, na Ama, ay nilukuban ang isang birhen at lumikha sa loob niya, ng Dugo, sa kanyang sinapupunan, ng isang selulang Dugo na nagsilang sa Anak ng Diyos, na pinanahanan ng Diyos.

36 At ipinakilala Siya sa kanila, bilang kung Sino Siya na sinabi Niya, ngunit hindi Siya kailanman lumantad at nagsabi sa kanila, “Ako ang Anak ng Diyos.” Hindi, hindi. Kailangan nilang sampalatayanan iyon. Sabi Niya, “Ang Aking mga gawa ang nagpapatotoo kung Sino Ako.” Kanyang inutusan sila, “Tingnan n’yo sa Mga Kasulatan,” at tingnan kung anong panahon ang kanilang kinabubuhayan, kung gayo’y malalaman nila kung ano nga Siya.

37 Sa palagay ko’y nararapat sa atin na gawin ang ganito, habang nakikita natin ang isa pang paglabas na napipintong maganap. Sa palagay ko’y dapat nating tingnan, at saliksikin ang Mga Kasulatan, kapag nakikita nating naglilitawan ang mga bagay-bagay.

38 Napansin natin noon na nakapagpasya na ang iglesya, na ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan sa Kanya. Bakit, gayong ang Salita ay ipinakilala Siya nang tama, at ang Kanyang mga gawa ay nagpatunay na Siya nga ang Mesiyas? Isa talagang kahindik-hindik, na napakamapanganib na bagay, na pagkakamali, na nagawa ng iglesyang iyon!

³⁹ At iniisip ko kung maaari bang mangyari na magawa natin ang ganoon ding pagkakamali? Nabigyan na sila ng kanilang huling pagkakataon upang makita kung ano nga Siya, at upang tanggapin Ito. Ngayon, hindi kayo palaging magkakaroon ng pagkakataon upang tanggapin kung ano ang isinusugo ng Diyos. Kita n'yo, mauubos rin sa bandang huli ang Kanyang pagtitiis, at pagkatapos ay lalagpas na kayo sa hangganan na iyon sa pagitan ng biyaya at paghatol. Wala nang iba pang natitira kundi paghatol kapag nasagad na sa wakas ang pagtitiis ng Diyos.

⁴⁰ Ngunit nabigyan na sila ng ganitong pagkakataon, at nakita Siyang ipinakilala ang Kanyang Sarili, nakita Siya sa balon kasama ang babaeng iyon, at sinabi rito na nagkaroon ito ng limang asawa. Nakita si Nathanael na lumapit sa Kanya, matapos magtungo ni Felipe at dinala si Nathanael sa Kanyang Presensiya, at nagsalita Siya at sinabi nang eksakto kung sino siya at kung saan siya nanggaling. Sinabi kay Simon Pedro kung sino ang kanyang ama, at kung ano ang kanyang pangalan. At hindi sila nagkaroon ni isa mang propeta sa loob ng daan-daang taon.

⁴¹ At maging 'yung hamak na bayarang babae ay nakilala ang Salita ng Diyos. Hindi pa siya talaga naguguluhan sa kung anong bagay. Siya, siya, buweno, ang kanyang pag-iisip ay di pa talaga, kung tatawagin natin, ipagpaumanhin n'yo sana ang katagang mula rito, "litong-lito," na tumatakbo *rito* at tumatakbo *roon*. Iyon ay malinis na pag-iisip, kung iyon ang pag-uusapan. Sabi niya, "Alam naming paririto ang Mesiyas, at ganito ang Kanyang gagawin."

At sinabi Niya, "Ako nga Siya."

⁴² At kaagad-agad siyang tumakbo, sinabi sa mga tao sa bayan, "Halikayo, tingnan n'yo Siya, ito na mismo ang Mesiyas."

⁴³ Aba, hindi iyon makita ng mga tagapagturong iyon at mga tao ng panahong iyon. Ito'y, magiging mahirap itong makita kung hindi ninyo malalaman ang Mga Kasulatan. Ngunit sinabi ng Kasulatan, "Binulag sila." Talaga ngang binulag sila. Ngunit mas pinili pa nila, kaysa, sa halip na yaong kaibig-ibig na si Jesus, doon sa . . . Narinig nating umalingawngaw ang sigaw na, "Ipako Siya sa krus!"

⁴⁴ Sinabi ni Pilato, "Ano ang gagawin ko rito kay Jesus na tinatawag na Cristo?"

Sabi nila, "Ilayo Siya! Ipako Siya sa krus!"

"Sino ang pawawalan ko sa inyo, si Barrabas o si Jesus?"

⁴⁵ At nagawa nila ang mapusok na pagkakamaling iyon sa pamamagitan ng pagpili sa isang mamamatay-tao sa halip na tagapagbigay-Buhay. Isa na nakilalang tagapagbigay-Buhay, pinili nila ang isang mamamatay-tao na nakilala bilang

tagapag-alis ng buhay. Anong pagkakaiba! At iniisip ko kung...

⁴⁶ Sasabihin ko ito na may buong maka-Diyos na paggalang sa aking mga kapatirang lalaki at sa aking mga kapatirang babae, at sa mga kalalakihan at kababaihan ng panahong ito, na pinangangaralan ko, nang may pag-ibig sa aking puso para sa lahat ng mga tao: Iniisip ko kung hindi pa kaya natin napipintong makita ang gayon ding bagay na kanilang nakita noon! Nasangkot na dito ang gobyerno, at ang—ang usapin ay nagpasimula na. Dapat na masagot na ang katanungan. Nasa pagtutuos na ito.

⁴⁷ Ganoon din ito ngayon, ganoon din ito sa oras na ito! Umpisa na ng pagtutuos! Kailangang may bagay na gawin, kailangan ninyong magsabi ng “oo” o “hindi.” Pero, alalahanin, ito ay hindi na kapag kayo ay pinilit na gawin ito. Kailangang gawin n’yo ito nang kusang loob n’yo ngayon. Ngayon! Hindi kung kailan nagaganap na ang oras na iyon; kapag nagaganap na ito, tapos na ito. Ngayon! Maaaring ito na ang huling araw na magkakaroon kayo ng panahong pumili. Hindi n’yo na ito magagawa sa panahong iyon, pinili na ninyo ito; napakalayo na nito, sa panahong iyon. Dapat na ninyo itong gawin ngayon. Huwag na kayong maghintay hanggang sa huling sandali, dahil maglalayag na ang barko at iiwan na kayo. Isasarado na ang mga pintuan.

⁴⁸ Marami sanang tao ang nakapasok sa daong kung nagawa nilang makapasok doon, nang magsimulang bumagsak ang ulan. Ngunit natapos na ang usapin, naipangaral na ang Ebanghelyo, naipamalas na ang mga tanda; at tapos na ang panahon, bumabagsak na noon ang ulan, nagsisimula na ang paghatol.

⁴⁹ Ngayon, kinailangan Siyang itakwil ng buong bansa, sapagkat tinawag ito na, gaya nga ng kung sasabihin natin ngayon, “isang Cristianong bansa,” gaya ng tinatawag ito na isang Cristianong bansa. Samakatwid, kung tinawag itong bansa ni Jehovah, ang Kanyang bayang pinili, kung gayon ay kinailangan Siyang tanggihan ng buong bansa. Tinanggihan na Siya ng iglesya. Pinatalsik na Siya ng iglesya. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan sa Kanya, subalit ngayo’y nadawit na rito ang pamahalaan.

⁵⁰ Gayon din na nagbalik itong muli, nakaatang na namang muli ang responsibilidad na iyon, na nakalapag ang Kasulatan dito, na ipinakilala, nang tugmang-tugma sa kung ano ang sinabi ni Jesus na magaganap nga. Bakit ba tayo nagpapahapay-hapay sa panahong ito ng kadiliman? Bakit ba natin hinahayaan na dumating ito sa atin, gayong lubusan na tayong binalaan? Sadyang kung paano ang nangyari noong panahon ni Lot, nakikita natin ang mismong ganoon ding bagay. Isinaayos na ni Jehovah ang tagpo, at sinabi sa atin, “Kung paano ang nangyari

noong panahon ni Lot!” Nakikita ninyo ang mga mensaherong naroroon sa Babilonia, na sinisikap na mailabas si Lot; at nakikita ninyo ang Mensahe sa Mga Hinirang, kay Abraham, na nasa labas na. At lahat na, eksakto, hanggang sa pangalan, lugar, at panahon, ay lubusan nang naipakilala.

⁵¹ Subalit ngayo’y nasa mga kamay na ito ng pamahalaan. Kinakailangan na itong hatulan ngayon ng pamahalaan, at gagawin nila ‘yon. Huwag kayong mag-alala tungkol diyan. Ito’y isang Cristianong bansa, kailangan nitong panindigan ang pagiging Cristiano nito, kung ito nga. Umpisa na ng pagtutuos.

⁵² Kinailangang dalhin ang buong bansa sa paghatol. Dahil, nangyari ito noong mga A.D. 70, nang kubkubin ng dakilang Romanong heneral, na si Titus, ang Jerusalem, mga A.D. 70, kasama ang kanyang hukbo na buhat sa Roma, at doo’y pinagbayaran nila ang halaga ng pagtanggap sa Kanya.

⁵³ Ngayon, habang tinitingnan natin ang paglilitis na ‘yon doon, at nagsisilabas tayo dito at ginagaya ito sa iba’t ibang pamamaraan, ng mga paglilitis kapag Biyernes Santo, at pinag-uusapan ang tungkol dito, at mga gayong bagay. At ang mismong gayon ding bagay na pinag-uusapan natin, na naganap noong Biyernes Santong iyon, ay nasa harapan na mismo natin ngayon! At ginagawa ng ating mga matatanda ang gayon ding bagay na ginawa nila, dinadala ito sa isang katulad na paglilitis, matapos na ang isang katulad ding ipinangakong Salita sa panahon na ito ay pinatotohanan din naman kung paanong pinatotohanan ito noon doon.

⁵⁴ Si Jesus, “isang pangkaraniwang anak ng karpintero,” gaya nga ng inaakala. Siya ang Salita ng Diyos na nahayag. At ganap Siyang naipakilala, sapagkat ang mga gawa ng Diyos ay inihayag mismo ang kanilang sarili sa pamamagitan Niya, at pinatunayan na Siya nga ang Mesiyas.

⁵⁵ At, ngayon, ang ganoon ding kaso ay dumating na muli, nang pumarito ang Espiritu Santo sa atin sa mga huling araw at ipinakilala ang Kanyang Sarili dito mismo sa ating iglesya, at pinatunayan ang siya ring mga gawa na Kanyang ginawa noong naririto Siya sa kapuspusan kay Jesus Cristo. Ginawa Niya ang ganoon ding bagay sa Nobya, ginagawa ang ganoon ding bagay, at ganoon pa man nais pa rin nating alisin Ito.

⁵⁶ Alalahanin, ito’y mga teyp na ginagawa ngayon, na nagtutungo sa buong mundo, hindi lamang dito sa Phoenix. Nangungusap ako sa kalahati ng mundo, sa sandaling ito, dahil mayroon tayong isang gawain sa teyp na nakakarating sa buong mundo.

⁵⁷ Pansinin, ngayon ay mayroon tayong ganoon ding paglilitis, pagkatapos ng ganoon ding ipinakilalang Salita. Mga Hebreo 13:8, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” San Juan 14:12, “Ang sumasampalataya sa

Akin, ay gagawin din niya ang mga gawang Aking ginagawa.” Mateo 28, “Sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha.” “Narito, kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; ngunit inyong makikita Ako, sapagkat Ako ay sasainyo, sa inyo mismo, hanggang sa katapusan ng panahon.” “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!”

⁵⁸ Pinili na nila sa araw na ito, hindi lamang isang mamamatay-tao, kundi isang mamamatay ng Salita, isang tagasunod ng mismong kauna-unahang mamamatay-tao.

⁵⁹ Nang sila, ang mga apostol ay ipinangangaral ang Ebanghelyo, at nagpatuloy hanggang kay Ireneo, at marami sa mga dakilang repormista at mga tagapagtatag noong naunang kapanahunan, nakarating ito sa Nicaea, minsan, para sa isang pagtutuos, at nagpasya silang gumawa ng isang pangkalahatang iglesya, upang puwersahin ang mga tao na magpailalim sa kanilang kapangyarihan. Maraming mga nakabasa ng kasaysayan doon, ang nakakaalam na maraming matatandang propeta ang nagtungo doon na may suot na balat ng hayop na nakabalot sa kanila, na mga gulay lang ang kinakain at mga ganung bagay, at sinikap nilang manghawakan para sa Salitang iyon, manghawakan para sa Salita ng Diyos. Subalit ano ang kanilang ginawa doon sa labinlimang araw ng madugong pulitika? Nagpasya sila sa wakas na gumawa ng isang pangkalahatang iglesya, at naghugpong ng ilang paganismo sa Cristianismo, at isinaayos ito bilang isang pangkalahatang iglesya.

⁶⁰ At, ngayon, ang mga Protestante ay inihuhulog ang kanilang mga sarili nang sama-sama sa Konsehong Ekumenikal, ginagawa ang gayun ding bagay, inihuhugpong ang tradisyon ng tao, at sa halip na tanggapin ang Salita ng Diyos na lubos nang ipinakilala sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakatayo ang iglesya sa timbangan, ngayon, at nasumpungan na kulang. Kayo’y muling nasa bulwagan ng hukuman ni Pilato. Siyanga, po.

⁶¹ Ano ang ginagawa nito? Ito’y gumagawa ng isang larawan ng hayop. Isa itong tagasunod ng Roma. Kung kailan na ang Konsehong Ekumenikal ay namumuwersa na, at pupuwersahing pumasok dito ang bawat Protestanteng denominasyon; at ito ay malamang na naroon na lahat ngayon, ang Full Gospel at lahat na. Darating ang oras kung kailan kailangan na nilang magsipasok o magsipanatili sa labas, at, sa panahong iyon, kapag dumating na ang pamumuwersa na ’yon, ay naipakilala na ninyo ang inyong sarili na taglay ang tatak ng hayop. Ngayon, eksakto iyan.

⁶² Ano ba iyon? Isang Protestanteng mga patutot kasama ang matandang inang, Roma, ang patutot! Sinabi ng Apocalipsis 17 na siya nga “ANG INA NG MGA PATUTOT,” eksakto, mga Protestanteng denominasyon; hawak-hawak sa kanyang kamay ang saro ng poot ng—ng Diyos, para sa kanyang pagtagay, sa kanyang patotoo, “*ganito* ang aming pinaniniwalaan,” at bawat isa, “*ganito* ang aming pinaniniwalaan.”

⁶³ *Narito* ang dapat sampalatayanan ng Iglesya, ang Salita ng Diyos, “at hayaang maging kasinungalingan ang salita ng bawat tao.” Ganoon nga dapat ito.

⁶⁴ Ngunit muli nating dinadala si Cristo doon sa napakahalagang sandali na Kanyang tinayuan noon, sa bulwagan ng hukuman ni Pilato; kahabag-habag, na isang munting pangkat na itinaboy sa isang tabi, na nakayuko ang ulo. Itinakwil sila ng ibang mga denominasyon, tinanggihan sila, at ipinagtabuyan sila, at sinabi, “Wala kaming anumang kaugnayan Dito!” Mabuti pa’y suriin n’yo ang Salita. Ngayoy nalaman natin, itong Konsehong Ekumenikal ay... Ano’ng ginagawa nito? Ito, ang Biblia...

Sasabihin ninyo, “Sinasabi ba ng Biblia ang tungkol diyan?” Oo.

⁶⁵ “Na may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito.” Bulag, hubad, mga nagsisimba, may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu na siyang nagpapakilala kay Jesus Cristo sa Kanyang Salita. Paanong mag-aangkin ang isang tao na taglay niya ang Espiritu Santo at tinatanggihan ang mismong Salita na siyang Espiritu Santo? Paanong nagagawa ng tao ’yan? Ang kanyang sariling patotoo ang sumasaksi na hindi siya ang dapat sana’y siya, nagkakasala ng espirituwal na mga pakikiapid, na tinatanggihan ang Kapangyarihan ng Diyos. Sinabi ni Pablo, sa Ikalawang Timoteo, ika-3 kabanata, na magiging ganoon nga ito, sabi, “Magiging matitigas ang ulo, mga palalo!”

⁶⁶ “Mayroon akong digri ng pagkadoktor, isang Ph.D., isang LL.D.” Para sa akin, higit na malayo iyan sa Diyos kaysa noong nagsisimula pa lamang kayo. Siyanga, po. Inilalayo lamang kayo niyan sa Diyos, hindi kayo dinadala sa Diyos. Isang bagay lamang ang makapaglalapit sa inyo sa Diyos, at iyan ay ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

⁶⁷ Ang Espiritu Santo ay isang kompas. Ang Bituin sa Hilaga ay ang Salita. At tuturo lamang ang kompas sa Bituin sa Hilaga. At ituturo lamang kayo ng Banal Espiritu sa Salita, hindi sa isang kung anong pagkilos na ekumenikal, hindi sa isang kung anong denominasyon, kundi sa Salita ng Diyos. Alalahanin, lahat ng iba pang mga bituin ay nakasunod sa galaw ng mundo, ngunit ang Bituin sa Hilaga ay nananatiling eksakto, dahil nasa gitna ito. At mabibigo ang bawat salita ng tao, subalit hindi maaaring

mabigo ang Salita ng Diyos. Ito’y ang Bituin sa Hilaga, na nakagitna, hindi Ito susunod sa galaw ng mundo. Kahit nasaan pa man ang mundo, nananatili Itong siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At Siya ang Salita!

⁶⁸ Kapatid na lalaki at kapatid na babae, nakikiusap ako sa inyo, sa Pangalan ni Jesus, na isaalang-alang Ito. Pinaniwalaan ninyo ako sa mga sinabi ko sa loob ng mga taon na ito. Kung pinatunayan ng Diyos na ang sinabi ko ay siyang Katotohanan, hindi ako, ang Kanyang Salita ang siyang gumawa nito, kung gayo’y nakikiusap ako sa inyo, sa Pangalan ni Jesus, na suriin Ito. Huwag maging bulag sa mga bagay na ito; ito’y nasa harapan na ninyo mismo.

⁶⁹ Alalahanin, sinabi ng Biblia, sa Mateo 24:24, na ang lahat ng hindi nakasulat ang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, mula pa nang pagkatatag ng sanlibutan, ay tatanggapin ang tatak na ito. Tanging ang Mga Hinirang, na nakatalaga upang makita Ito, ang makakakita Dito. Ang iba pa sa kanila’y malalampasan Ito ng milyong milya.

⁷⁰ Nakikita natin itong malaking pagkilos na nakaayos na ngayon, ang malaking makinarya ni Satanas na nakaayos na. Ang tanging kailangan na lang nito ay . . . Mayroon na itong mekanika, hinihintay na lamang nito ang dinamika nito para maipatupad ito. Ang pagkilos ay pawang pagkokongregasyon, isang malaking konseho at gayong bagay. Naroroon na ang malaking makinarya, ngunit hinihintay nila ang oras kung kailan ibababa na ang pagbabawal, at kung gayo’y magagawa na nila ito, at maipipilit na ito, gawin itong isang batas. Tingnan n’yo ang mga balita at mga bagay na naririnig natin ngayon, sa radyo at mga pahayagan. Aba, ito’y nasa inyo na mismo ngayon.

⁷¹ Wala na tayong panahong gumawa ng anumang kundi tanggapin si Jesus Cristo. Lubos na Siyang naipakilala.

⁷² Makinig, sinasabi natin ang tungkol sa malaking makinarya ni Satanas doon, na handa nang kumilos, tama ’yon, upang magwasak; subalit, alalahanin, ang munting kawan ng Diyos na sumasampalataya sa Salita, nakahanda na rin ang mekanika nito. Nakahanda na ito para sa Dinamika upang pag-alabin ito sa Banal na Espiritu. “Huwag kayong mangatakot, munting kawan, ito’y mabuting kalooban ng inyong Ama ang sa inyo’y ibigay ang Kaharian.” Tatama ang Banal na Espiritu sa isang munting Iglesya na lumabas mula sa sanlibutan, mga babae na mahahaba ang buhok, mga Nazareo, upang patunayang inihiwalay na nila ang kanilang mga sarili mula sa . . .

⁷³ Ang Nazareo ay isang . . . Ano? Isang inihihiwalay ang kanilang mga sarili, para sa Salita ng Diyos; hindi nagdadamit ng maikli, pinintahang mga mukha, na mga Jezebel, na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano; hindi, po; lalaki, na napakahina ng loob, na maninindigan para sa isang

denominasyon, at hahawak sa mga laylayan ng kanilang balabal, ng isang Cesar o Herodes, sa halip na manindigan para sa Salita ng Diyos. Ngunit may mga tapat na tao ang Diyos, tunay na kawan ng Diyos, na walang pakialam sa sinasabi ng sanlibutan. Sumasampalataya sila na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁷⁴ Hindi ito sikat. Ginagawa kayo nitong hindi kaibig-ibig sa mga tao, subalit ito ang Katotohanan! Utos ng Diyos na isagawa ito, at gagawin ito ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Hindi ko ibig na pagalitan kayo, kundi para balaan kayo. Mas mabuti pang mapaso kaysa masunog, sa anumang sandali, kaya tumanggap ng babala. Nangungusap ang Espiritu Santo sa mga huling araw na ito.

⁷⁵ Lahat ng nakasulat sa Aklat ay matatakasan ito. Ngayon nalaman natin, na handa na ang munting kawan para sa Dinamika upang ikilos Ito pataas sa alapaap, upang matakasan ang lahat ng kapighatiang ito.

⁷⁶ May isang nagsabi, noong isang araw nang nagsasalita ako, sabi, “Kapatid na Branham, hindi ka naniniwala kung gayon na pagdadaan ang iglesya ang kapighatian?”

⁷⁷ Sabi ko, “Naniniwala ako na magdaranas niyon ang iglesya, pero hindi ang Nobya.” Pagdadaan ng iglesya ang kapighatian, siyanga, po, pero hindi kasama doon ang Nobya. Tutungo Siya sa Pag-agaw, sa isang sandali, sa isang kispamata. Siya’y aagawing paitaas upang salubungin ang kanyang Panginoon sa alapaap, para sa Hapunan ng Kasalan. Wala na siyang anumang pagdadaan pang kapighatian; binayaran na ng kanyang Panginoon ang kanyang halaga. Lubos tayong nagpapasalamat dahil diyen. Siyanga, po.

⁷⁸ Matapos ang pagtatakwil, ng kapwa iglesya at bansa, may iisang sigaw lamang na umalingawngaw, ang sumunod na pagkilos, ay, “Paalisin Ito!”

⁷⁹ Iyan ang sumunod na sigaw na mayroon tayo. Mariing tinanggihan na ng iglesya ang Espiritu Santo. Alam nating tinanggihan na nga nito. Oh, nagsilabas na ang mga miyembro sa lahat ng bagay, iyan ang malawakang pagtawag, Presbyterian, Methodist, Baptist, Lutheran; ngunit ang iglesya, mismo, ang denominasyon, hindi ito makakakilos. Hindi, po. Lubos na itong nagpaka-denominasyon. Ano nang bagay na mayroon ito ngayon? “Ipako Ito sa krus! Ipako Ito sa krus!” Ang ano? Ipinapako, muli, (ang ano?) ang pinagtibay na Salita, bilang siyang Katotohanan. Ang Salita ng Diyos, na ipinako, muli. Kung paanong sinira ni Eba ang buong pisikal na mundo, sa pamamagitan ng pagtanggap sa isang katiting na Salita ng Diyos, ay gayun din ang ginawa ng iglesya.

⁸⁰ Maaaring sabihin ninyo sa akin, “Kapatid na Branham, mali ang kapaliwanagan mo Dito.” Buweno, iyan ang sa opinyon n’yo.

⁸¹ Hindi kailangan ng Diyos ng anumang tagapagpaliwanag. Ang Diyos ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag. Iyon ang problema nito, ngayon, napakarami nating mga tagapagpaliwanag na gawa ng tao. Kayang magpaliwanag ng Diyos, Siya Mismo. Ang Kanyang Sariling pagpapatibay sa Kanyang Salita ang siyang kapaliwanagan.

⁸² Ang mga Fariseo ay maaaring sumigaw, din naman, “Nasa amin ang kapaliwanagan!” Sinasabi ng Saduceo, “Nasa amin ito!” Ngunit si Jesus ang kapaliwanagan. Amen.

⁸³ Ang paghahayag ng nahayag na kapangyarihan ng Diyos, na ipinangako, ang siyang pagpapatibay. Basahin n’yo ang Mga Kasulatan at tingnan kung ano ba dapat sana ngayon ang iglesya. Siyanga, po. Hindi kailangan ng Diyos ng anumang tagapagpaliwanag.

⁸⁴ Ganoon ang ginawa nila kay Jesus. Natuklasan nila, noon doon, na inakala nila na wala sa Kanya ang kapaliwanagan. Siya ang kapaliwanagan. Hindi na kinailangan ng Diyos na ipaliwanag pa Ito. Ipinaliwanag na ng buhay ni Jesus. Sabi Niya, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan; ang mga Ito’y Siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayo’y huwag ninyo Akong sampalatayanan. Kung ang mga gawa na ipinangusap patungkol sa araw na ito, ay hindi inihahayag ang Sarili Nito sa Akin,” sabi Niya, “kung gayo’y huwag ninyo itong sampalatayanan.”

⁸⁵ Ginawa ba ng mga Ito iyon? Sinabi ng Diyos, “Isang birhen ang maglilihi,” at siya nga! Naniniwala ba kayo dito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen”—Pat.] Tiyak nga; ngunit sila’y hindi. “Isang birhen ang maglilihi,” at siya nga. Sabi Nito, “Ang mga pilay ay makakalakad, ang mga bulag ay makakakita,” at kung ano ang magaganap. Pinatunayan Nito na gagawin ng mga Ito iyon, at si Jesus ang kahayagan.

⁸⁶ Sinabi ni Moises, “Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang Propeta, na gaya ko.” Ang Salita ay dumarating sa propeta. At, ang propeta, ang Salita ay isang may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip ng puso. Nang makita nila Siyang ginagawa ang pagkilalang iyon, sabi nila, “Ito’y si Beelzebub, isang manghuhula.” Wala nang hihigit pa sa katawagang iyon na ikinakabit nila sa Kanya. Ganoon din ngayon, tinatawag na isang “holy-roller,” o kung ano na gaya niyan. Tama ’yon. Bagama’t . . .

⁸⁷ Hindi Niya kailangan ng pagpapaliwanag. Siya ang kapaliwanagan. Pinatunayan ito ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Sarili. Sino ’yung makasalanang tao sa panahong ito, o sino ’yung makasalanang tao noon, na itatanggi na ang Salita ay hindi ipinaliwanag?

⁸⁸ Tinanong sila ni Jesus, sabi, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan. Ang mga Yaon ang nangagpapatotoo kung Sino Ako. Ang mga Yaon ang kapaliwanagan. Kung hindi ipinaliliwanag ng buhay Ko kung ano ang sinasabi Ko, kung gayo’y huwag kayong magsisampalataya sa Akin.”

⁸⁹ Anong makasalanang tao ang mayroon kaya ngayon, na magagawang tumingin sa harapan ng Biblia at makita kung hindi nga ba ang Espiritu Santo ang tagapagpaliwanag ng Salita ngayon, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga paghahayag ng mga pangako patungkol sa mga kaloob, at ng mga bagay na Kanyang ipinangako na gagawin sa panahong ito? Ang Malakias 4 na natutupad na, ang lahat ng iba pang Mga Kasulatan na natutupad na, at nakikita ito mismo dito sa dulo na ng panahon! Hindi na ninyo kailangan ng sinumang tao para ipaliwanag Ito. Hindi, po. Ipinaliliwanag Nito ang Sarili Nito. Pinatutunayan Nito na Ito nga ang Mensahe sa panahon na ito! Mangagsisi at magbalik sa Diyos, buong sanlibutan! Kayong mga iglesya, mangagsisi at magbalik sa Diyos! Huwag n’yong piliting alisin Siya mula sa inyong mga kamay, pagkat hindi n’yo’yon magagawa. Ang usapin ay narito na ngayon mismo, na gaya nito noon.

⁹⁰ Sabi Niya, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan; ang mga Yaon ang nangagpapatotoo sa Akin.” Sinabi ni Jesus, “Ang Aking mga gawa ang Aking tagapagpaliwanag.”

⁹¹ Sinabi Niya kay Moises, nang katagpuin Niya siya doon sa nagliliyab na mababang punongkahoy, sabi Niya, “AKO NGA. Naalala Ko ang Aking pangako. Naalala Ko na Aking ilalabas ang mga taong iyon, sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. Ako ay nangako, at yayaon Akong kasama mo. Isinusugo Kita. Ikaw lamang ay Aking magiging bibig, at ang mga tanda ang magpapaliwanag kung ikaw nga ba ay isinugo Ko o hindi.” Amen.

⁹² Iyan ang dapat na hanapin ng mga kalalakihan at kababaihan sa panahong ito, isang pangako ng isa pang paglabas, at isang kapaliwanagan ng Salita ng Diyos na nahahayag.

⁹³ Ang problema diyan, ngayon, sinasabi nila, “Buweno, hindi naniniwala Dito ang iglesya ko.” Ano’ng problema? Nabubuhay kayo sa isang anino ng ibang kapanahunan. Mainam ang mga iglesyang iyon sa kanilang mga kapanahunan, subalit paano naman sa kapanahunang ito? Ito ay ibang kapanahunan na.

⁹⁴ Hinding-hindi ninyo mapapaniwala si Wesley kay Luther, wala doong pagpapabanal. Wala, po.

⁹⁵ Hinding-hindi ninyo mapapaniwala ang Pentecostal sa Baptist, o gaya niyan, mapapabalik diyan. Nakasumpong sila ng isa na mas mainam pa. Nabuhay sila sa liwanag ng kanilang panahon.

⁹⁶ At, ngayon, ang Pentecost ay nag-organisa na at huminto na gaya ng kanilang ginawa, ganoong-ganoon din ito. At patuloy na sumusulong ang Salita, at kumikilos na Itong palayo sa kanila. Iyan ay talagang tama, pagkat lubha na tayong nagiging matigas at lubhang pormal. Hinahayaan natin ang ating mga iglesya na mapasa kung anong uri ng kalagayan, sige-sige na lang. “Hangga’t may mga miyembro tayo, ’yun lang naman ang kailangan, dahil higit pa ang mayroon tayo kaysa dati.” Ipinagyayabang na natin iyan.

⁹⁷ Hayaang sabihin ko sa inyo ang isang luma nang kasabihan, na, “Binibilang ng diablo ang kanyang pangkat, subalit tinitimbang ng Diyos ang sa Kanya.”

⁹⁸ Iya’y totoo, pa rin, kahit ngayon. Tinimtimbang kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, tinitingnan kung masumpungan kayong kulang o hindi. Wala akong pakialam sa karamihan, kung gaano man karami, kung gaano man Ito hindi nagugustuhan ng karamihan. Ito’y Salita ng Diyos na inihahayag para sa panahong ito. Talagang tama. Wala akong pakialam sa karamihan, at kung sino ang pumupunta at kung sino ang hindi. Ang Salita ng Diyos ang nakataya, gaya nito noon doon sa bulwagan ng hukuman ni Pilato. Timbangin Ito, at tingnan kung ano ang nasumpungan natin, kung saan tayo’y nasumpungang nagkulang. Siyanga, po. Naniniwala tayo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁹⁹ Nalaman natin na sinabi Niya kay Moises na, “Ako ay sasaiyo, at gagamitin Ko lamang ang iyong bibig. Pumaroon ka’t salitain ang mga salita na sasabihin Ko sa iyo, at ipaliliwanag ng mga tanda ang kanilang mga sarili.”

¹⁰⁰ Kita n’yo, hindi kailangan ng Diyos ng tagapagpaliwanag. Oh, hindi, hindi siya ang dapat na tagapagpaliwanag. Ang paliwanag ng Diyos ang nagpapatunay sa Kanyang Sarili. Sinabi Niya na Siya ang tagapagpaliwanag ng Kanyang Sariling Salita, at Siya nga. Ginawa Niya ito, sa pamamagitan ni Moises, at ginagawa Niya ito ngayon. Kilala natin Siya, sa Biblia, bilang Elohim. Ang *Elohim* ay “Yaong kusang nabubuhay nang walang hanggan.” Hindi Niya kailangan ng payo ng sinoman. Tumitindig Siyang mag-isa. Siya ang Diyos, at Siya ang Salita. At kapag ipinangako ng Salita ang isang bagay, at ipinakilala Ito sa inyong harapan, ano pang uri ng kapaliwanagan ang nais ninyo bukod doon?

¹⁰¹ Oh, makasalanang lalaki o babae, sino ka na makatitindig at magsasabi na Ito ay mali? Gayong ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo at ipinangakong Salita, ay ipinapaliwanag Ito sa harapan ng bawat isa sa atin, sino tayo para sabihin na mali Ito? Oh, makasalanang tao, paano mo nagagawa iyan? “Makasalanang, ano’ng ibig mong sabihin niyan, Kapatid na Branham?” Kawalan ng pananampalataya!

May iisang kasalanan lamang, iyan ay ang kawalan ng pananampalataya. Hindi kinakailangan ang walang kabuluhang paliwanag ng tao!

¹⁰² Ipinapaliwanag Niya ang Sariling Kanya. “Ako ang Panginoon,” sabi Niya, “Aking itinanim Ito; Aking didiligan Ito, araw at gabi, baka may umagaw Nito sa Aking kamay.” Sinabi rin Niya, sa isa pang Kasulatan, na, “Binantayan Niya ang Kanyang Salita, upang isagawa Ito.” *Isagawa* Ito, “ipahayag” Ito sa (ano?) Kanyang Mga Hinirang, para doon sa mga pinagsuguan nito upang makakita, na isinugo upang makita Ito, pala. Kanya Itong isinasagawa doon sa mga isinugo upang makakita, upang makita Ito.

¹⁰³ Kanya Itong binabantayan, pinapanatili Itong malayo mula dito sa mga mangmang na karnal na mga kapaliwanagan, sa mga bagay na ito, na, “*Ito* ang tama, at *iyon* ang tama, at *iyon* ang tama.” Ang Diyos ang tama, ang ipinakilalang persona ng Diyos!

¹⁰⁴ Maaaring nagsitindig silang lahat na mga Fariseo, sabi, “Kami’y sa Diyos! Nasa amin ang mga kautusan. Mayroon kami *nito*.” At naroon nakatayo ang Salita, Mismo. Sabi, “Paalisin Ito! Ipako Ito sa krus! Hindi Nito ipinakikilala ang Sarili Nito sa ating pinaniniwalaan.”

¹⁰⁵ Ngunit ipinakilala Nito ang Sarili Nito sa Salita. Amen. Yaong may mga mata para makakita, ay nakita Ito. Yaong mga bulag ay hindi Ito nakita.

¹⁰⁶ Hindi rin nila gagawin ito ngayon. Iyon lamang. Sila’y patungo na, sinelyuhan na ang kanilang sarili, marami sa kanila, palayo mula Dito.

Oh, siyanga, sa pamamagitan ng pagsasakatuparan Nito, pagpapakita Nito bilang siyang totoo!

¹⁰⁷ Sinasabi ng ilan, “Sinaspalatayanan ko ang napakarami Dito. Kapatid na Branham, magagawa kong sampalatayanan ang Biblia. Sumasang-ayon ako sa Biblia. Isa akong tagatangkilik ng Biblia. Sinaspalatayanan ko ang ganito-at-ganoon. Sinaspalatayanan ko si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Pero sadyang hindi ko masampalatayanan ang lahat Nito, dahil sinasabi ng denominasyon ko na hindi naman daw Ito ganoon.”

¹⁰⁸ Kung gayon anong uri ng tagapagpaliwanag ang mayroon ka? Ang ganoon ding uri na nagkaroon si Eba, ang diablo. Sinikap niyang ipaliwanag ang Salita kay Eba, at sabi niya, “Oh, *ito* ay tama, at *iyon* ay tama, subalit tiyak. . .” Tiyak, na tama! Kung ano ang sinasabi ng Diyos, Ito’y tama! Wala akong pakialam gaano man Ito sa palagay ng iba. Kapag sinabi ng Diyos na mangyayari ito, magiging ganoon nga ito. Gagamitin ba ninyo ang tagapagpaliwanag ni Eba? Oh, makasalanang tao, paano mo nagagawa iyan? Siyanga, po. Pinili nila ang tagapagpaliwanag ni Eba.

¹⁰⁹ Ang katibayan, gaya nga ng sinabi ko noong isang araw, sinisikap nating ilagay ang katibayan. Sinabi ni Luther, “Sumampalataya ka, at lumakad na.” Ang diablo’y sumasampalataya, rin. Sinabi ni Wesley, “Sumigaw, at nasa iyo na Ito,” ngunit nasumpungan niya na wala pa sa kanya. Sinabi ng Pentecostal, “Magsalita kayo sa iba’t ibang wika, at nasa inyo na Ito.” Wala pa sa kanila. Sinabi ng Christian Science, “Mag-ibigan, nasa inyo na ang bunga ng Espiritu,” pero wala pa pala sa kanila. Itinatangi nila ang pagka-Diyos ni Jesus Cristo.

¹¹⁰ Ano ang katibayan Nito? Kapag ang espiritu na nasa iyo ay nagagawang sang-ayunan ng isang amen ang bawa’t pangako, at patutunayan ito ng Diyos. Ganoon na ganoon nga ito kay Jesus Cristo. Oh, siyanga. Mayroon sila, mayroon silang mas maraming bunga ng espiritu, mayroon sila ng lahat ng uri ng mga katibayan. Hindi mo maaaring ikabit ang anumang katibayan sa anumang bagay maliban sa Diyos Mismo na inihahayag ang Kanyang Salita. Iyon lamang ang nag-iisang tunay na katibayan na mayroon na isa ka ngang Cristiano. Paano ka magiging Cristiano kung . . .

¹¹¹ “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin. Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!” Siya ang siya ring Diyos na na kay David. Siya rin Yaong na kay Moises. Siya rin Yaong nasa lahat ng mga apostol. At Siya rin Yaong na kay Jesus Cristo, upang ihayag ang Kanyang Sarili doon para sa ipinangakong Salita na iyon. At Siya ang siya pa ring Diyos sa araw na ito, ang siya ring Salita, na naghahasik ng Liwanag sa Salita sa panahon na ito. Kahabagan nawa tayo ng Diyos! Siyanga, po. Sumasampalataya sa Diyos na ipaliliwanag ang Kanyang Sarili, na ang bawa’t Salita ay pagtitibayin! Oo, Siya ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag.

¹¹² Kapatid, iniisip ko ang oras! Maaari akong manatili pa nang matagal para dito, pero may gaganapin kayong pagpupulong. Naniniwala ako, at sasabihin ko, ngayon; kung hindi tayo magmamasid, Siya ay nasa mga kamay na nating mga Amerikano. Pag-isipan ito. Hindi ko ito sinasabi nang dahil sa galit; sinasabi ko ito para sa Liwanag. Sinasabi ko na ang Dugo ni Jesus Cristo ay nasa kamay ng iglesyang Amerikano sa araw na ito. Ang Dugo ni Jesus Cristo ay nasa Amerika, sa pangkalahatan. Ang Dugo ni Jesus Cristo ay laban sa Methodist, Presbyterian, Lutheran, mga Pentecostal. Ito’y nasa kamay nating lahat. Tingnan natin kung ganoon nga ngayon. Pag-isipan ito, ang Dugo ni Jesus Cristo! Oh, naku!

¹¹³ At gaya nga ni Pilato noong araw na iyon, ipinapaalala nito sa akin ang tatlong paraan na sinubukan ni Pilato na alisin Ito sa kanyang kamay. Sinubukan niya lahat ang tatlong paraan upang maalis Ito sa kanyang kamay, subalit nabigo siya. May iisa

lamang paraan na maaalis ninyo Ito sa inyong kamay. Tingnan natin kung ano ang ginawa niya. Sinubukan ni Pilato ang tatlong paraang ito, at nabigo ang lahat ng iyon.

¹¹⁴ Dapat nating harapin ang usapin. Alam natin na narito na ito, sapagkat ang Kanyang Salita ay naipakilala na sa pamamagitan ng katibayan ng Kasulatan. Ang Salitang ipinangako para sa panahong ito ay nagkatawang-tao, maging sa masamang bahagi ng pagkakatanggi kay Jesus Cristo; at Siya, sa Kapanahunang ito ng Laodicea, na nasa labas na ng iglesya. Alam nating iyan ang Katotohanan. Isipin nga ito, ang Dugo ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, nasa ating mga kamay. Kayo . . . Iyan ang kinatatakutan ko, ang isipin ito. Ang tapakan Siya, naghahatid iyon ng panginginig, ang isipin, ang Dugo ni Jesus Cristo!

¹¹⁵ Samantalang, ang isang tao ay mag-iingat sa dugo ng kanyang sariling kapwa. Minsan sa Chicago, hindi pa katagalan, isang kaibigan ko ang noo'y nakatayo doon nang ang isa sa—sa nakasuot ng Dillinger, o kung ano pa man iyon, ay binaril sa lansangan. Nag-umpukan ang mga tao, nang daan-daan, at tumayo silang lahat sa palibot. Ngunit, sila, ano ang ginawa nila? Kung saan kumalat 'yung dugo doon sa lansangan, at 'yung butas ng bala, lumakad ang lahat sa paligid ng dugong iyon. Ayaw nilang matapakan ang dugo ng kanilang kapwa. Oh, hindi, po. Napakamapaghinala nila doon.

¹¹⁶ Subalit tatapakan nila mismo ang Dugo ni Jesus Cristo. Ang lumang kasabihang ito ay totoo pa rin, “Ang mga mangmang ay maglalakad na may matutulis na mga panyapak kung saan takot ang mga Anghel na tumahak.” Tama nga iyon, lalakaran mismo nila ang ibabaw Nito, sasabihin, “Lipas na ang mga araw ng himala. Ayos lang 'yon para sa mga apostol, ngunit hindi na para sa atin.” Oh, naku, paano n'yo nasasabi iyon? Niyuyurakan ninyo ang Dugo ni Jesus Cristo na nagpabanal sa inyo! Oh, naku, isipin n'yo nga ang Dugo na nasa ating mga kamay!

¹¹⁷ Ano, dugo ng isang kapwa tao. Naiisip ko ang tungkol sa matagal na, ilang linggo na ang nakakaraan, noong inakala natin na hindi iyon mangyayari sa ating bansa. Ano ang tungkol sa taong ito, kay Oswald? Nakaupo doon sa seldang iyon, na nagtitiis nang may pag-aalala, kung siya'y nasa kanyang tamang pag-iisip.

¹¹⁸ At naiisip ko ang isang tao na makikinig sa teyp na ito, o nariritong nakaupo, saan man, at nakikinig sa Mensahe, na sinasang-ayunan ito; nagtitiis nang may pag-aalala, nalalaman na kinakailangan mong humarap sa paghatol at managot sa Salita ng Diyos, managot sa Dugo ni Jesus Cristo, na sa inyo'y ipinakilala na, na nasa inyong mga kamay, na nasa ating mga kamay.

119 Pansinin si Oswald na naroroon, anong kalunos-lunos na bagay dapat nito para sa kanya, o dapat sana, o sa palagay ko'y ito nga, nang maisip niya na haharap siya sa isang galit na Korte Suprema na taglay ang galit sa sadyang pagpatay sa kanilang Pangulo. Hindi na magkakaroon pa ng awa. Anumang ebidensiya na makukuha nila laban sa kanya, ididiin iyon laban sa kanya. Mga bakas ng daliri, baril, lugar kung nasaan siya, lahat ay dadalhin sa harap niya.

120 Iyan ay isang maliit na bagay pa kumpara sa kung ano ang sasapitin ng mga tao na nauupo sa mga pagtitipong ito at namamasdan si Jesus Cristo na lumilitaw sa anyo ng Kanyang Katauhan, at ipinapakilala ang Kanyang Sarili, at lalabas kayo nang hindi Siya tinatanggap, nanghahawakan sa isang kung anong kredo, o kung ano man na tinatawag ninyong hindi mahalaga. Magiging maliit na bagay pa iyon, kapag naroroon na kayo sa Presensiya ng galit na Diyos, na yumurak sa... niyurakan ninyo ang Dugo ng Kanyang Sariling Anak, at ipinako Siyang muli sa inyong isip, ipinagpalit ang inyong karapatan ng pagkapanganay para sa isang kasikatan. Magiging isang kakilakilabot na bagay ito sa araw na iyon. Ito'y magiging isang lubhang nakakatakot na isipin. Paano kayo matatahimik doon sa selda ng pagdurusa?

121 Kayong mga katutubo sa Africa, kayong mga nasa Australia, Sweden, Switzerland, kayo, na nakikinig sa teyp na ito: paano kayo mananagot sa Araw ng Paghuhukom, gayong nagpunta ako sa mga bansa ninyo at nakita ninyo ang pagkakakilanlan ni Jesus Cristo na lumilitaw sa gitna ng mga tao, at pinatutunayan ang Kanyang Sarili?

122 Pawis, naku, pinagpawisan marahil siya nang husto dito! Oh, paano niya 'yon magagawa kung siya ay nasa kanyang wastong pag-iisip?

123 Magiging anong uri kaya ito ng isang galit na Diyos sa tingin ninyo doon sa mga iyon na niyurakan ang Anak ng Diyos, at ipinako na naman Siya sa krus, muli?

124 Pansinin, ang isang piloto, kapag naghahanda na siyang paliparin pataas ang isang eroplano. Ilalabas ng piloto ang eroplano, susuriin niya ang lahat bago siya umalis, bawat kagamitan. Lalabas siya doon sa daanan ng eroplano, at tatayo doon at susuriin 'yung mga nakokontrol na bahagi ng pakpak, susuriin ang mga takip ng kanyang gasolina. Lahat ng bagay, bawat kagamitang mayroon siya, susuriin niya iyon nang paulit-ulit. Marami sa inyo ang nakasakay na sa mga eroplano, at alam ninyo na iyon ang katotohanan. Sinusuri niya ang bawat kagamitan. Bakit? Nasa kanyang mga kamay ang dugo ng kanyang kapwa. Gusto niyang makatiyak na lahat ng posibilidad ay gumagana nang maayos.

125 Paano naman ang isang doktor sa isang operasyon, kapag alam niyang mag-ooopera siya, mag-aalis ng tumor o ng puso, o anumang iba pa, at ooperahan iyon? Kapag ooperahan niya ang inyong katawan, susuriin niya ang inyong puso, susuriin niya ang inyong presyon, susuriin niya kung mayroon kayong anumang sipon, susuriin niya ang mga anesthesya. Susuriin niya lahat, nang paulit-ulit, at muli't muli. Bakit? Ayaw niyang mapasa kamay niya ang dugo ng kanyang kapwa.

126 At kung ang isang doktor at isang piloto, at iba pa, ay magsusuri, gaano pa kaya na dapat gawin ng Iglesya ni Jesus Cristo, kapag nakikita natin ang mga bagay na ating kinabubuhayan ngayon? Mabuti pa'y magsuri na tayo. Baka maiwan sa ating mga kamay ang Dugo ni Jesus Cristo.

127 Ngayon talakayin natin ang isang bagay, ang unang palusot ni Pilato, ay, "Wala akong makitang kasalanan sa Kanya."

128 Ganyan na ganyan nga sa kalagitnaan ng maraming maiinam na grupo ngayon! "Wala akong masumpungang kamalian sa Salita. Ayos lang Ito, pero iyon ay para sa mga apostol noon." Sinabi ng Biblia na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Sinasabi ninyo, "Tama lahat ang Biblia. Naniniwala ako na nagsalita sila sa iba't ibang wika; naniniwala ako na nagpalayas sila ng mga demonyo; naniniwala ako na nagawa nilang kumilala ng mga pag-iisip; naniniwala ako na may mga propeta noon; pero hindi sa panahong ito." Oh, ginoo, makasalanang tao, anong nangyayari sa iyo? Ano'ng nangyayari gayong ang Mateo ika-28 . . . 24:24 ay naroroon na noon pa man? Ang Mga Hebreo 13:8 ay bumabalik na muli sa inyong mga kandungan.

129 Si Pilato, hindi niya Ito maaaring hugasan sa kanyang mga kamay nang ganoon. Hindi, po, bumabalik Itong muli sa kanyang kandungan. Gayun din ito sa bawat tao, noong tumayo ka at nakita ang Diyos na tinupad ang Kanyang pangako.

130 Sinabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoo nating Diyos."

131 Gaano kalayo? "Sa buong sanlibutan, sa lahat ng bansa." Sinabi na Ito ay sa lahat ng bansa. "Humayo kayo sa buong sanlibutan." Hindi pa ito nakakarating doon. "Ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang. Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya."

132 Paano ninyo mahuhugasan Iyan mula sa inyong mga kamay? Hindi ninyo magagawa iyon. Ito'y pinatotohanan na, at inihagis na muli sa inyong kandungan. Ito'y tumatama pabalik, gaya ng

ginawa nito kay Pilato. Oh, siyanga, po, muli itong babalik sa iyo, kapag nakita mo ang Kasulatan na ipinakilala na sa iyong harapan.

¹³³ Ikalawa, habang tayo'y nagtatapos. Ikalawa, nalaman natin, may isa pang paraan na sinubukang gawin ni Pilato, ganoon din ang ginagawa ng mga tao ngayon, ang ipasa ito sa kanyang mga Herodes at mga Cesar. Maraming mabubuting mga ministro ngayon, na Episcopalian, Presbyterian, Lutheran, Baptist, mga Pentecostal, at iba pa, ay ipinapasa Ito, "Ang aking punong tanggapan ang siyang hindi nagpapahintulot sa akin na gawin ito." Ito'y tumama pabalik. Ito'y muling tumatamang pabalik ngayon.

¹³⁴ Hindi ko tinatanong ang Assemblies of God, ang Oneness, ang church of God, ang Methodist, ang Baptist, ang Presbyterian. Kayo ang tinatanong ko, bilang isang indibidwal, ano ba ang ginagawa ninyo sa Dugo ni Jesus Cristo? Ano ang gagawin natin dito sa pinahirang Salita ng Diyos na nasa mismong harapan natin ngayon, na alam natin na magiging, ay ang Cristo, ang pangako sa panahon na ito? Ano ang gagawin ninyo Dito? Hindi kung ano ang ginagawa Dito ng inyong iglesya. Walang anumang kinalaman dito ang inyong Cesar at ang inyong Herodes. Hindi niyon pinalampas si Pilato. Hindi, po. Hindi, po.

¹³⁵ Silang mga Fariseo mula nang araw na iyon, ay nagsabi, "Hayaang mapasaamin ang Kanyang Dugo, at sa aming mga anak." Ito nga. Eksakto iyan.

¹³⁶ Ano ang Kanyang, ni Jesus, sinabi sa kanila? "Marunong kayong kumilala ng anyo ng kalangitan, ngunit hindi ninyo makilala ang mga tanda ng panahon."

¹³⁷ At, oh, hindi ko ito sinasabi para sa Phoenix, kundi sinasabi ko ito para sa kung saan pa mang dako na nais nitong patunguhan. Kayong mga bulag na Fariseo! Paano nga ninyong nagagawa, na gumagastos ng milyun-milyong dolyares, nakikilala ninyo ang komunismo; ngunit ang Salita ng Diyos, na pinatotohanan para sa panahon na ito, hindi ninyo makilala? Ipinapako ninyo Itong muli sa krus. Alam ninyo ang lahat ng tungkol sa komunismo; kung alam ninyo ang inyong Biblia, nalaman sana ninyo na kailangang mangyari nga ang naturang bagay. Hindi iyan nakakatawag ng pansin ko. Kinamumuhian ko ang komunismo. Kinamumuhian ko ang anumang bagay na laban sa Diyos. Pero ang bagay na pinagtutuunan ko ng pansin ay ito, ang Iglesya na nahahanda na para sa panahon na ito, para sa pag-alis na ng Nobya.

¹³⁸ "Marunong kumilala ng anyo ng kalangitan, ngunit ang mga tanda ng panahon ay hindi ninyo makilala."

¹³⁹ At sa Kanyang paglilitis sa araw na ito, nasa Federal na mga hukuman na upang gawin itong Konseho ng mga Iglesya, at lahat na. Nakikilala ninyo ang komunismo at ang lahat ng mga bagay

na ito na ipinangangaral ng mga mangangaral; at naglalakad na mismo sa ibabaw ng mga tanda ng panahon, at tinatawag Ito na isang “kapanatikuhan,” tinatawag Ito na “pagbasa ng isipan,” o bagay na ganoon, at lumalakad palayo, at pinagbabawalan ang kanilang mga tao na pumunta para marinig man lamang Ito. Kung hindi pa inulit ng kasaysayan ang sarili nito, ako, ang pangalan ko ay hindi William Branham. Tama ngang talaga. Ano’ng mangyayari? Inihahagis Nito pabalik ang Dugo ni Jesus Cristo sa inyong mga kamay, at tinatawag ninyo Ito na isang “maruming espiritu,” gaya ng ginawa nila noon.

¹⁴⁰ Sa buong daigdig! Sa palagay ko’y alam n’yo na kung ano ang ibig kong sabihin noon. Sa lahat ng dako! Bakit n’yo ako tinanggihan, sa Switzerland? Bakit n’yo ’yon ginawa, Finland? Mapapasainyong mga kamay mismo ang Dugo. Iyon ay mapapasainyo. Hindi ako, hindi n’yo ako kailanman tinanggihan; Siya ang tinanggihan ninyo, hindi ako, dahil sinabi ninyo, “Hindi ako naniniwala sa *ganoon*.” Sinasabi ng Salita ang ganoon! Hayan na. Bulag na mga Fariseo, nakikilala nila ang komunismo, nakikilala ang lahat ng mga bagay na ito, subalit, ang panahon na kanilang kinabubuhayan, hindi nila ito nakikilala. Iyan ay talagang tama.

¹⁴¹ Ngayo’y malapit na nitong maabot itong (naku!) huling layunin nito muli. Naritong muli ang delikadong sandali. Ano ito? “Ipako Siya sa krus! Gagawa tayo. . .Hindi natin magagawa silang lahat na Methodist lahat; hindi natin magagawa silang lahat na Baptist; hindi natin magagawa silang lahat na Oneness; hindi natin magagawa silang lahat na Trinity; hindi natin magagawa silang lahat na *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*; ngunit maaari tayong magkaroon ng isang konseho.” Samantalang, hindi nga kayo nagkakasundo na kasing layo ng Silangan mula sa Kanluran, at mali ang buong bagay. Isa itong tagasunod ng Roma. Iyan ay talagang tama.

¹⁴² Ngayon, bilang isang indibidwal, tatanungin kita. Ano ang gagawin mo sa pinahirang Salitang ito na siyang Cristo, ang Salita na ipinangako para sa panahon na ito? Ikaw, bilang isang indibidwal?

¹⁴³ Hindi Ito kailanman naialis ni Pilato sa kanyang mga kamay. Alam ninyo iyan. Sumigaw siya, umiyak, at lahat na ng paraan na magagawa niya. Nabigo siyang magawa iyon. Mayroong isang alamat doon sa Switzerland, kung saan may ber- . . . bughaw na tubig na bumubulwak, kung saan daw siya nagpakamatay. Alam ninyo ang kasaysayan niyon. Sa huli ay nabaliw siya, at nagpakamatay siya. Bakit hindi siya nagsisi? Hindi na siya makakapagsisi pa, nang higit pa sa magagawang pagsisisi ni Esau. Nagawa na niya iyon! Huwag ninyong hayaan na mangyari iyan sa inyo.

¹⁴⁴ Siya ay nasa inyong mga kamay. Naisagawa na ang mga gawa, naipangaral na ang Biblia, ipinakilala na Ito ng Banal na Espiritu. Sinumang makasalanang tao, mangahas kang sabihin na hindi Ito ganoon, ang Banal na Espiritu na nasa mga huling araw na ito! At ang Mga Salita na naipangusap na, ay nagsabi na magaganap Ito, at narito na mismo Ito sa ating harapan.

¹⁴⁵ Huwag n'yong subukang gawin iyon. Huwag hayaang matulad kay Pilato ang inyong katapusan. Huwag. Dapat sana'y tinanggap niya Siya sa kanyang puso. Iyan lamang ang tanging paraan upang maalis ninyo Siya sa inyong mga kamay, ay ang tanggapin Siya sa ninyong puso. Oh, huwag n'yong gawin ang gayun ding pagkakamali.

¹⁴⁶ Makinig, sinasabi ng Mga Hebreo 10 ang ganito, "Kung ating sinasadya ang pagkakasala," sinasadyang di-sumampalataya, "pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan." Kung sinasadya ninyong magkasala matapos na naipakilala na Ito sa inyo, at pagkatapos ay inyong tatanggihan Ito, kayo ay ganap na wala nang pagkakataon pang makapagsisi kailanman.

¹⁴⁷ Isang saglit lang, mayroon akong isang tala dito na nais kong ihatid sa inyo bago magtapos.

¹⁴⁸ Gaya ng mga espiya noong patungo na sa lupang pangako. Nasa isang exodo sila, palabas mula sa Egipto, na lumabas sa pamamagitan ng isang ipinangakong Salita ng Diyos. Ipinabatid ng Diyos ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng isang propeta, si Moises, isinugo siya doon. Ipinakilala Siya na Siya ang Diyos na maglalabas sa kanya ayon sa kalagayan na Kanyang ipinangako, ang "AKO NGA."

¹⁴⁹ Nang makarating sila sa hangganang lupa, sa Kadesh-barnea, ang malaking pagkakamaling nagawa nila, nang makarating sila sa lupain at tumingin doon sa dako ng lupang pangako, ay sinabi nila, "Hindi natin ito kayang sakupin." Ano ang iba pang sampu? Tumingin sila sa mga kagipitan, sa karangalan na mawawala sa kanila. "Tayo ay mga tipaklong, kung itatabi sa kanila."

¹⁵⁰ Ngunit sina Josue at Caleb ay nagsuri. Binalikan nila ang Salita, at sinabi ng Panginoon, "Ibinibigay Ko sa inyo ang lupaing ito! Ito'y isang mabuting lupain, na dinadaluyan ng gatas at pulot." Hindi nila isinaalang-alang kung ano ba ang itsura nito, kung ano ba *ito*, at kung ano bang katibayan *ito*. Ang sabi ng Salita ng Diyos, "Ibinibigay Ko ito sa inyo! Humayo kayo't kunin ito!" At sila lamang ang tanging nakapasok.

¹⁵¹ Oh, suriin natin ang mga pangako ng Diyos para sa panahong ito. Tama 'yan. Alalahanin, tayo'y nasa isa pang paglabas, isang panahon; isang paglabas, sa pagkakataong ito, hindi patungo sa isang lupang pangako sa mundo, kundi patungo sa

isang ipinangakong Lupain ng Kaluwalhatian, kung saan wala nang pagbabalik pa. Luwalhati sa Diyos, paroroon na tayo! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Maaari bang gawin n'yo iyon, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo?

¹⁵² Itatanong ko ang katanungang ito habang ang bawat lalaki at babae ay tahimik. Ano ang gagawin n'yo rito kay Jesus na tinatawag na Cristo? Tatanggapin n'yo ba Siya? Tatanggapin n'yo ba Siya bilang inyong Tagapagligtas? Kayo ba ay magiging isang . . . O, inyo ba Siyang huhugasan paalis sa inyong mga kamay? Susubukan ba ninyo na magpapasa-pasa lang, “Buweno, ang aking—hindi sinasabi ng aking kredo ang Ganito,” o, “hindi Ito pinaniniwalaan ng aking denominasyon nang sadyang katulad niyan”? Ito’y nasa inyong mga kamay na. Hindi n'yo Ito matatakasan. Ano ang gagawin ninyo kay Jesus na tinatawag na Cristo? Ang Kanyang Dugo ay nasa inyong mga kamay, buhat pa nang linggong ito sa pagtitipon.

Manalangin tayo.

¹⁵³ Panginoong Jesus, tulungan Mo po kami ngayon sa oras na ito. Hayaan na ang Iyong biyaya at habag ay mapasaamin. Hayaang makita nitong kongregasyon, Panginoon, na Ikaw ang Diyos, at wala nang iba maliban sa Iyo. Hayaan ang Kapangyarihan ng Diyos ngayon, ang Salita, na ipakilala ang Sarili Nito, sa mga taong ito, upang malaman na Ikaw ang Diyos, at sinabi ko ang Katotohanan, Panginoon. Ginawa ko na ito, ang ganito, ayon sa Iyong utos; gaya nga ng sinabi ni Elias noong araw, “Ginawa ko ang lahat ng ito sa Iyong pag-uutos.” Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na maging ganoon iyon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon habang nakayukod ang inyong mga ulo, bawat isa sa inyo.

¹⁵⁴ Bigla akong pinatigil ng Espiritu Santo, kani-kanina, nang magsimula akong manalangin. Sabi Niya, “Mayroong ilan dito na hindi pa nakababatid niyan.” Nawa’y hindi kayo lisanin ng Diyos ng Kalangitan na walang iiwan sa inyo na anumang bagay, nawa’y ihagis Niya Ito pabalik sa inyong kandungan sa araw na ito, kung gayon.

¹⁵⁵ Kayong mga taong may sakit na naririto. Hindi ko pa ito ginawa kailanman sa isang pagtitipon ng Business Men. Kayong may sakit na mga tao dito, na sumasampalataya sa Diyos, at naniniwala na kayo’y may pananampalataya na mahipo ang Kanyang damit. At, alalahanin, sinabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 4, “Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa isang tabak na may dalawang talim, madaling kumilala ng mga pag-iisip na nasa puso.” Alam nating lahat iyan. Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? Maaari ba kayong manalangin?

¹⁵⁶ Wala munang kikilos ni isa mang tao mula ngayon. Maging lubos na mapitagan ang lahat, manahimik nang husto, manahimik nang husto. Manalangin. At nawa'y pangunahan tayo ng Banal na Espiritu ngayon kung ano ang gagawin at kung ano ang sasabihin, sapagkat ang delikadong sandali na ito ay narito na ngayon laban sa atin.

¹⁵⁷ Panginoong Jesus, ito'y nasa Iyong mga kamay. Ako'y nasa Iyong mga kamay. Itinatagubilin ko ang aking sarili sa Iyo. Ihagis Mo po Ito pabalik sa kanilang mga kandungan, Panginoon, ibalik Itong muli. Tiyak nga, na sinasabi sa akin dito ng Iyong dakilang Espiritu Santo kung ano'ng tama at mali. At alam kong maraming katatagpuin ang teyp na ito doon sa labas, at dalangin ko po na Iyong ipapabatid sa araw na ito na sinabi ko sa kanila ang Katotohanan, at isinugo ako para dito, katulad ng sabi Mo doon sa ilog noong panahong iyon nang tumayoroon yaong Anghel ng Panginoon sa Haliging Apoy na iyon. Maipabatid nawa sa araw na ito na sinabi ko ang Katotohanan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁵⁸ Itaas na ang inyong mga ulo ngayon. Tumingin sa gawing ito, at huwag kayong mag-alinlangan. Ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang maging tagahatol natin.

¹⁵⁹ Noong si Jesus Cristo ay naririto sa lupa! Nang Siya'y mamatay, Kanyang pinagaling ang mga maysakit, Kanyang iniligtas ang mga napahamak. Sumasampalataya ba kayo doon? [Sinabang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Subalit noong narito pa Siya, kung paano nila nalaman na Siya nga, ay dahil sa Siya ang Salita. Ilan ang nakakaalam niyan bilang siyang totoo? ["Amen."] Siya ang Salita, at ang Salita ay kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso. Tama ba? ["Amen."]

¹⁶⁰ Wala akong makitang tao sa gusaling ito, sa oras na ito, na kilala ko, maliban dito sa mga pastor, at iba pa, dito sa likod.

¹⁶¹ O, baka narito si Kapatid na Roberts, siya na lamang ang pagsisimulain ko ng hanay sa pananalangin. Nariyan ba si Kapatid na Roberts? [May isang nagsasabi, "Wala po."—Pat.] Wala siya rito. Sige.

¹⁶² Ang ministeryo ko ang gagawa para sa oras na ito. Hinahamon ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na paniwalaan n'yo ako, na sinabi ko ang Katotohanan tungkol sa Salita, at maniwala na ang sinabi ko ay ang Katotohanan. Maaari n'yo bang gawin 'yon? [Sinabang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Mangyari nawa ito, Panginoon, mangyari nawa ito.

¹⁶³ May isang lalaking nakaupo sa gawing ito mismo. Nais kong ibaling n'yo ang inyong mga mata; hindi n'yo ba nakikita 'yung Liwanag na nakalutang Doon? May isang lalaking nakaupo doon, na nakatingin sa akin, nananalangin. Dumaranas siya ng isang sakit sa baga, at panghihina. Huwag mo itong palampasin, ginoo. G. Carr, tumayo ka at tanggapin ang iyong kagalingan.

Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Hindi ko pa nakita ang lalaki, sa buhay ko.

¹⁶⁴ May isang lalaki doon sa likod, na napakabuti, nananalangin din siya. Pero ang problema sa lalaking iyon, 'yung lalaki roon ay may problema sa mata. May bukol siya sa kanyang kaliwang tagiliran. G. Bartlett ang pangalan niya. Sumampalataya ka! Tama ba iyon, ginoo? Estranghero ba ako sa iyo? Ikaway mo ang iyong kamay; na tayo'y ganap na di magkakilala. Tama 'yan. Pagpalain ka ng Diyos. Sumampalataya, gagaling ka.

Sumampalataya kayo!

¹⁶⁵ Para saan mo sinabi sa kanya iyon? Naniniwala ka ba na ako ay propeta Niya, ginoo? Siyanga, po. Dumaranas ka ng isang espirituwal na pagkabagabag, medyo nababagabag sa negosyo at mga bagay-bagay. Tama 'yon. Tama 'yon. G. Clawson, sumasampalataya ka ba nang buong puso mo na itutuwid iyon ni Jesus para sa iyo? Iyon nga ba ang pangalan mo? Iyon nga ba ang lugar mo? Buweno, maaari mong makamit kung ano ang iyong hiniling. Amen.

¹⁶⁶ May isa sa gawing *ito* na sumasampalataya Dito, amen, isa na may tunay na pananampalataya ng Banal na Espiritu.

¹⁶⁷ Gng. Waldroff, nakikita ko iyon. Ako, kilala kita. Hindi, hindi ito para sa iyo. Ito'y para sa sanggol na iyon, at ang sanggol na iyon ay iyong lalaking apo-sa-tuhod. Hindi ko pa siya nakita, sa buhay ko. Iyon ang katotohanan. Ang naturang sanggol ay dumaranas ng isang sakit sa mata na sanhi ng allergy na nagkaroon siya. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sumampalataya ka!

¹⁶⁸ Binibini, malubha ang sakit mo. Ninenerbiyos ka, may sakit sa tiyan, halos manlupaypay sa labis na pagkanerbiyos. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Mary, sampalatayanan mo nang buong puso mo, at ipagkakaloob sa iyo ni Jesus Cristo ang iyong hinahangad.

Siya ay nasa inyong kandungan!

¹⁶⁹ Narito ang isang kalugud-lugod na binibining nakaupo dito, na nananalangin, nakatingin mismo sa akin, nakayukod ang ulo. Tumingala ka at tumingin sa akin. Mabuting tao. Hindi ka tagarito. Galing ka pa sa malayo mula rito, sa New York. Ngunit kung sasampalataya ka na isasaayos iyon ni Jesus Cristo, ibibigay Niya sa iyo ang bautismo ng Banal na Espiritu. Sumasampalataya ka ba doon? Gng. Bryan na taga-New York, sampalatayanan mo nang buong puso mo, at maaari mo nang matanggap ang Banal na Espiritu ngayon mismo.

¹⁷⁰ Ito'y nasa kandungan na ninyo, mga kaibigan! Sinasampalatayanan n'yo ba Ito, ang Salita na inihahayag ang Sarili Nito? Sumasampalataya ba kayo kay Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Hindi ko

kilala ang mga taong ito. Ang Diyos ang aking Tagahatol, hindi ko kilala ang mga taong ito. Kilala sila ni Jesus Cristo. Ano ang gagawin ninyo sa pinahirang Salita na ito, gaya ng sinabi Niya, “Kung paano ang nangyari noong panahon ng Sodoma, ay gayon din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao?” Kung totoo ang bahaging ito, ang Mensahe na aking ipinangangaral ay totoo. Ito’y ang Banal na Espiritu, Mismo, na gumagawa ng Sarili Nitong pagpapaliwanag, na Ito’y tama. Amen. Sampalatayanan n’yo Ito nang buong puso n’yo! Maaari bang gawin n’yo ’yon?


171 Magsitayo kayo kung ganoon at tanggapin n’yo Ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

172 Habang narito ang Banal na Espiritu, nais kong magpatong ng mga kamay sa mga panyong ito. Itaas natin ang ating mga kamay kay Cristo.

173 Panginoong Jesus, sumasampalataya kami sa Iyo. Batid namin na Ikaw ang Katotohanan, ang Ilaw, ang Salita. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga panyong ito. Dalangin ko, Panginoong Jesus, na ang Iyong kapangyarihan ay umikot sa buong gusaling ito at sa mga panyong ito, sa mga mumunting amerikana at mga balabal na ito. At nawa’y lumukob sa kanila ang Banal na Espiritu, Panginoon. Ipagkaloob Mo po iyon. At sila nawa ay magsigaling, ang bawat isa sa kanila, sapagkat ang Iyong Salita ay Katotohanan. Ipagkaloob ito, Panginoon.

174 Ngayon sa bawat isa na nasa kongregasyon, ano ang gagawin n’yo rito kay Jesus na tinatawag na Cristo? Ito’y nasa inyong kamay. Huwag ninyong hayaan na sabihin sa inyo ng mga tao . . . ang ibig kong sabihin ay ang mga tao sa teyp na ito, ang mga tao na narito sa mga tagapakinig, ano ang gagawin ninyo dito ngayon? Bakit hindi n’yo Siya tanggapin, bawat taong maysakit dito? Bawat nag-aalinlangang lalaki rito, bawat nag-aalinlangang babae, bakit hindi n’yo Siya tanggapin bilang inyong Tagapagligtas? Hindi n’yo Siya kailanman mahuhugasan sa inyong kamay. Hindi Siya kailanman maiaalis ng inyong kredo. Walang sapat na sabong Fuller sa bansa na makapagtatanggal Nito. Isang bagay lamang ang maaari n’yong gawin, ang ipasok Siya sa inyong puso! Amen. Maaari bang tanggapin n’yo Ito? Itaas ang inyong mga kamay kung gayon. At sabihin . . . Bigyan Siya ng papuri at kaluwalhatian.

175 Makalangit na Ama, sila po’y sa Iyo. Nakilala na ang Iyong Salita. Ang mga tao’y sa Iyo. Akin po silang itinatagubilin sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

176 Itaas ang inyong mga kamay ngayon at purihin Siya. At itinatagubilin ko Siya sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. 

ANO ANG GAGAWIN NATIN DITO
KAY JESUS NA TINATAWAG NA CRISTO? TAG64-0126
(What Shall We Do With This Jesus Called Christ?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Enero 26, 1964, sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org